Republic of the Philippines

**Department of Education**

Schools Division of Palawan



Coron Inland District




*GUADALUPE ELEMENTARY SCHOOL*



| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | MAPEH |
| | Teaching Dates | Week 1 | Quarter | 2nd |

| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Demonstrates understanding of the basic concepts of melody | The learner demonstrates understanding of lines, textures, shapes and balance of size, contrast of texture through drawing | The learner demonstrates understanding of locations, directions, levels, pathways and planes | The learner demonstrates an understanding of the nature of and the prevention of diseases | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Sings the melody of a song with accurate pitch | The learner creates an artwork of people in the province/region on-thespot sketching of plants, trees and building and geometric line designs applies knowledge of planes in a landscape (foreground, middle ground and background) in painting a landscape | The learner performs movements accurately involving locations, directions, levels, pathways and planes. | The learner consistently practices healthy habits to prevent and control diseases | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Natututuhan ang iba't ibang pitch ng awitin (**MU3ME-IIa-1**). | Natututong gumamit at maghalo ng mga kulay upang magkabagay ang isang tanawin sa pagpinta at maipakita ang | 1. Nailarawan ang mga kilos sa lokasyon, direksiyon, antas at landas (**PE3BM-IIa-b-17**); 2. Naipakita ang mga kasanayan sa paggalaw ng | Natutukoy ng iba't ibang karaniwang sakit ng mga bata (**H3DD-IIbcd-1**) | Learners answer the assessment with 80% accuracy. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | kawili-wiling kapaligiran sa iba't ibang panahon(**A3EL-IIa**). | katawan kasabay ang nagkakaibang uri ng direksiyon, lokasyon at lebel ng pagsasagawa nito; at<br>3. Nakibahagi sa kawili-wili at kasiya-siyang pisikal na aktibidad (**PE3PF-IIa-h-2**) | | |
| **II. Nilalaman** | | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | Modyul 1 | Modyul 1 | Modyul 1 | Modyul 1 | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | charts | Jobos, water, cups | | | Worksheets |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Punan ng nawawalang stick notation ang bawat sukat upang mabuo ang ostinato. Piliin ang titik ng iyong sagot at isulat ito sa sagutang papel | 1. Ano-ano ang pangunahing kulay? Kung nakalimutan mo, isipin mo at tumingin ka sa watawat ng ating bansa. Dito mo makikita ang mga pangunahing kulay. | Tingnan ang mga larawan sa bawat bilang. Lagyan ng tsek (/) kung ang mga larawan ay nagpapakita ng tamang postura ng katawan sa paglakad, pagtayo at pag-upo at ekis (x) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa papel. | Balikan nating muli ang natutuhan mo sa nakaraang modyul. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel | **MUSIC**<br>Suriin ang kinalalagyan ng nota. Kilalanin ang pitch sa pamamagitan ng pagsulat sa kahon ng **mataas**, **mababa**, **di-gaanong mataas**, at **di-gaanong mababa**. Isulat ang sagot sa papel. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 2. Paano mo mabubuo ang mga pangalawang kulay? Ang mga pangatlong kulay? | | | <br><br>**ARTS**<br>Panuto: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Kilalanin mula sa Hanay B kung anong kulay ang mabuo kapag pinaghalo ang sumusunod na kulay sa Hanay A.<br><br><br>**PE**<br>Tukuyin ang tamang paggalaw gamit ang bao sa pagsasagawa ng kilos ng |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | Subukin mong kantahin ang awit na pinamagatang “Twinkle, Twinkle, Little Star”. Tandaan ang posisyon ng nota. Ito ang magiging gabay mo sa pagbigay sa tamang pitch ng awitin. | 1. Maghanda ka ng pintura , jovus o water color na kulay pula, asul, at dilaw.<br>2. Maghanda ng anim na lagayan ng kulay, maaaring gamitin ang takip ng bote ng mineral water o soft drinks para paghaluan ng iba’t ibang kulay.<br>3. Kailangang magkapareho ang dami ng kulay na iyong hahaluin para lumabas ang inaasahang kulay.<br>4. Paghaluin mo ang sumusunod na kulay | Tingnan ang larawan sa ibaba. Ano ang ginagawa ng magaaral? Alam mo ba na maaari pa lang gamitin ang bao, bola, hoop at iba pa upang makapag-ehersisyo? Alamin ang iba’t ibang uri ng kilos na maaaring gawin dito mismo sa araling ito. | Ang karaniwang sakit ng isang bata ay nakukuha sa hindi paglilinis ng katawan, pagkain ng hindi masusustansiyang pagkain, at maruming kapaligiran. Ito ay nagdudulot ng iba’t ibang karamdaman at nakakasama sa kalusugan ng isang batang tulad mo. Narito ang isang maikling kuwento na kapupulutan ng aral.<br>**“Ang Batang Mahilig Maglaro”** | |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Ngayon, pag-aralan mo at intindihin ang mga bagay na makatutulong ng lubusang pag-unawa sa aralin. Ang pitch ng nota ay matutukoy sa pamamagitan ng posisyon nito sa linya ng staff. Kilalanin ang mga posisyon ng nota at ang katumbas nitong pitch o tono: 1. Ang mga nota na nasa ibaba mula sa ilalim ng unang linya ng staff ay matutukoy na nasa mababang tono. | Ang kulay pula, asul, at dilaw ay mga pangunahing kulay. Ang nabuong mga kulay mula sa pangunahing kulay ay tinatawag na pangalawang kulay. Ito ay lila, berde, at dalandan. Ang mga pinaghalong kulay mula sa pangunahing kulay at pangalawang kulay ay tinatawag na pangatlong kulay. Ito ay ang dilawang-dalandan, pula’t dalandan, pula’t lila, asul-lila, asul-berde, at dilaw na berde. Mayroong labindalawang kulay ang gulong ng mga kulay. Nabubuo ito sa pamamagitan ng paghahalo-halo mula sa mga pangunahing kulay. Tingnan ang color wheel. Ang magkatapat na | Ang bao ay isa lamang sa mga bahagi ng niyog na mapapakinabangan. Maraming gamit ang bao o coconut shells, kadalasan ginagawa itong alkansiya, taniman ng halaman at pinipintahan ng iba upang mas magandang tingnan. Maging sa paglalaro ng kadang-kadang ginagamit din ito. Ang iba naman ay ginagawa bilang lalagyan ng pagkain kagaya na lamang ng kalamay sa Bohol. Marami rin bang niyog sa inyong pamayanan? Mayroon bang bao na nakatabi sa inyong tahanan? Kung wala, ano naman kaya ang mga | Ang karaniwang sakit ng mga bata ay nakukuha sa hindi wastong pangangalaga ng kalusugan na maaring nagmumula sa mga mikrobyo at bakterya na pumapasok at sumisira sa ating katawan. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | kulay ay tinatawag na complementary colors. | materyales na makikita mo sa inyong lugar na maari mong gamitin sa pag-eehersisyo? Maaari kayong gumamit ng anumang bagay kagaya ng patpat o kawayan, plastic bottle na may buhangin na magsisilbing improvised weight o anumang materyales na maaring gamitin sa pagsasagawa ng kilos ng katawan at iba pang aternatibong gamit na puwede mong gamitin. Mayroong iba't ibang uri ng paggalaw na maaaring gawin sa paggamit ng bao at iba pa. Kinakailangang nakahati sa dalawa ang bao o anumang bagay na gagamitin upang ipalakpak ang mga ito habang gumagawa ng kilos. | | katawan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.<br>1. Aling larawan ang nagpapakita sa paggamit ng bao pakaliwa?<br><br>2. Alin sa mga bata ang nagpapakita sa paggamit ng bao sa ilalim ng tuhod?<br><br>3. Alin sa mga bata ang nagpapakita sa paggamit ng bao nang patagilid?<br><br>4. Alin sa mga bata ang nagpapakita sa paggamit ng bao sa ibabaw ng ulo? |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Gawain 1 Tukuyin ang nota na nagtataglay ng ibinigay na pitch. Isulat ang letra ng iyong napiling sagot sa sagutang papel. | Kumuha ka ng isang malinis na papel o bond paper. Gayahin mo sa pagpinta ang isang magandang larawan na ipininta ng isang batikang pintor na si Fernando Amorsolo. | | Alamin ang sakit ayon sa sumusunod na larawan. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa sagutang papel. | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Gawain 2 Tingnan ang bawat pares ng tono. Ihambing ang unang tono sa ikalawang tono na nasa staff. Iguhit ang bilog o tatsulok sa loob ng kahon sa sagutang papel. Sundin ang patnubay sa ibaba. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)** | Gawain 2 Tingnan ang bawat pares ng tono. Ihambing ang unang tono sa ikalawang tono na nasa staff. Iguhit ang bilog o tatsulok sa loob ng kahon sa sagutang papel. Sundin ang patnubay sa ibaba. | Panuto: Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang kaisipan ng pangungusap. Tingnang mabuti ang color wheel o gulong ng mga kulay. Isulat ang sagot sa sagutang papel. | Gawin lahat ang mga kilos na ginagamitan ng bao o anumang bagay na maaari mong gamitin at kapag wala talagang makitang gamit ay maaari ang dalawang kamay nalamang ang gamitin habang kinakanta ang “Bahay Kubo” na may anim na bilang bawat kilos.<br>Lagyan ng tsek (\|) ang kahon sa antas ng iyong pagsasagawa ng kilos ayon sa ubriks na makikita sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa papel. | Basahin ang sumusunod na pangungusap at isulat sa sagutang papel ang salitang Tama kung ito ay nagsasabi ng katotohanan at Mali naman kung ito ay hindi. | <br>5. Alin sa mga bata ang nagpapakita sa paggamit ng bao pakanan?<br><br>**Health**<br>Basahin ang sumusunod na pangungusap at isulat sa patlang ang salitang **Tama** kung ito ay nagsasabi ng katotohanan at **Mali** naman kung ito ay hindi.<br>_______ 1. Ang pagkain ng tsokolate araw-araw ay nakakabuti sa ating lalamunan.<br>_______ 2. Ang sakit ng isang bata ay nakukuha sa malinis na kapaligiran.<br>_______ 3. Ang batang may mahinang resistensiya ay madaling mahawaan ng iba’t ibang sakit.<br>_______ 4. Ang batang may sapat na nutrisyon ay malusog at masigla.<br>_______ 5. Ang paghuhugas ng kamay ay ma |
| **G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay** | Suriin ang kinalalagyan ng nota. Kilalanin ang pitch sa pamamagitan ng pagsulat sa kahon ng mataas, mababa, digaanong mataas, at di-gaanong mababa. Isulat ang sagot sa papel. | Kaya mo bang gawin?<br>1. Lumabas ka sa iyong bahay. Tingnan mo ang iyong paligid.<br>2. Tingnan ang color wheel upang malaman ang mga komplementaryong kulay na dapat gamitin sa pagpinta.<br>3. Ihanda ang mga kagamitan kagaya ng papel o Oslo paper, brush, crayon, water color, jovus, o poster paint kung mayroon kang pintura ay maaari mo itong gamitin.<br>4. Maghanda rin ng lumang diyaryo para pansapin sa ilalim ng iyong papel.<br>5. Sa paggawa ng resist technique dapat ang crayon ang gamitin sa pagguhit ng mga larawan. | Gawin ang mga kilos sa paggamit ng bao o anumang alternatibong materyales kagaya ng bola, patpat, ribbon at iba pa. Lagyan lamang ng masayang mukha ☺kapag ito ay nagawa mo ng tama at malungkot na mukha ☹ kapag hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. | Panuto: Sa isang papel, kopyahin ang gawain na nasa ibaba. Lagyan ng tsek ang kolum batay sa iyong ginagawa. Maaaring magpatulong kay nanay o tatay. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 6. Simulan mong iguhit ang magagandang tanawin sa iyong kapaligiran gamit ang crayon.<br>7. Pintahan ang mga larawan na natapos mong ginuhit gamit ang water color, jovus o pintura. Pagkatapos ay makita mo kung ano ang epekto sa paggamit ng resist technique sa pagpipinta. Ang bahaging mayroong crayon ay makikita mo ang resist effect o hindi mapintahan.<br>8. Gawin mong inspirasyon ang landscape painting ng iba't ibang pintor. Pagkatapos, sulatan mo ito ng pamagat. | | | |
| **H. Paglalahat ng Aralin Generalization** | Tandaan: Ang mga nota na nasa ibaba, sa ilalim ng ikalawang linya ng staff ay nasa mababang tono. Ang mga nota na nasa itaas mula sa ikatlong linya ng staff ay nasa mataas na tono. Ang mga nota na nasa itaas na hindi gaanong malayo sa ikalawang linya ng staff ay napapabilang sa di-gaanong mataas na tono. Ang mga nota na nasa ibaba na hindi gaanong malayo sa ikalawang linya ng staff ay maituturing na di-gaanong mababang tono. Sa paghahambing naman ng dalawang nota, ginagamit na pagtukoy ang mas mataas na | 1. Ang tatlong pangunahing kulay ay pula, asul, at dilaw.<br>2. Mabubuo ang pangalawang kulay sa pamamagitan ng paghahalo sa dalawang pangunahing kulay. Ito ang mga kulay na dalandan, lila, at berde. Samantalang ang pangatlong kulay naman ay mula sa pinaghalong pangunahin at pangalawang kulay.<br>3. Maaari kang makabuo ng gulong ng mga kulay.<br>4. Ang magkakatapat na kulay sa color wheel ay tinatawag na complementary color.<br>5. Matutong gumamit at maghalo ng mga kulay upang maibagay ang isang tanawin sa pagpinta at maipakita ang | Ang simpleng bao o coconut shells ay maaaring gamitin din sa pag-eehersisyo. Sa pagsasagawa nito ay kinakailangang maintindihan muna ang mga iba't ibang antas, direksiyon, lebel at posisyon upang lalong masanay ang sarili sa mga kasanayan sa pagpapagalaw ng iba't ibang bahagi ng katawan. Sa pag-eehersisyo gamit ang non-locomotor movement, maaring mong ibahin ang direksyon, antas, pathway nito. Maaring iakma ang galaw ng kamay gamit ang materyales na gagamitin tulad ng bao, bola, patpat at iba pa | Ang sakit ay hindi normal na kalagayan ng kalusugan ng isang bata. Ang mga sakit ay nakukuha sa hindi malinis na kapaligiran at hindi maayos na pangangalaga ng katawan. Panuto: Sa sagutang papel, dugtungan ng angkop na sagot ang sumusunod na pahayag base sa iyong natutuhan tungkol sa mga pangkaraniwang sakit sa pagkabata. Piliin ang tamang sagot sa loob ng panaklong | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | tono o mas mababang tono, maging ito'y nasa itaas o ibaba ng staff. | kawili-wiling kapaligiran sa iba't ibang panahon. Narito ang ilang halimbawa ng larawan galling sa batikang pintor. | | | |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment** | A. Subukin ang iyong nalalaman sa aralin. Tukuyin ang pitch o tono ng bawat notang binilugan. Isulat ang titik ng napiling sagot sa sagutang papel.<br>B. Paghambingin ang tono ng magkapares na nota. Isulat sa puwang ang mas mababa o mas mataas upang makompleto ang kaisipan ng pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel. | Panuto: Iguhit sa coupon bond at kulayan ang sumusunod na larawan nang naaayon sa nakasulat na panahon gamit ang mga komplementaryong kulay. | Tingnan ang mga larawan at hanapin kung anong uri ng kilos ang ginawa ng nasa larawan. Isulat ang titik A-Pagbabago sa Direksiyon, B-Pagbabago ng Lebel at C-Pagbabago ng Pathway o Plane. Isulat ang iyong sagot sa papel. | Isaayos ang mga titik upang mabuo ang tamang salitang inilalarawan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation*** | A. Tukuyin ang tono o pitch ng bawat nota. Isulat ang titik ng napiling sagot sa sagutang papel<br>B. Paghambingin ang pitch ng bawat pares na nota. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel. | Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Kilalanin mula sa Hanay B kung anong kulay ang mabuo kapag pinaghalo ang sumusunod na kulay sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel | Tukuyin ang tamang paggalaw gamit ang bao sa pagsasagawa ng kilos ng katawan. Isulat ang titik ng iyong sagot sa kuwaderno.<br>1. Aling larawan ang nagpapakita sa paggamit ng bao pakaliwa? | Panuto: Sa isang papel, kopyahin ang gawain na nasa ibaba. Lagyan ng tsek ang kahon kung naranasan na o hindi pa ang nabanggit na mga sakit. Maaaring magpatulong kay nanay o tatay. | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**
*Grade 3 Adviser*

Noted: **PRIMERIA C. ALECTO**
School Head